

ESTADO NG NEW YORK

LUPON NG MGA HALALAN NG ESTADO

Albany, New York

Agosto 6, 2025

SERTIPIKASYON

Sa Mga Lupon ng Mga Halalan ng Estado ng New York:

Ibinibigay ang abisong ito, upang isagawa ang Pangkalahatang Halalan sa Estadong ito sa Martes, Nobyembre 4, 2025, isusumite ang sumusunod na proposal sa mga tao para sa kanilang pag-apruba: Proposal Bilang Isa, isang Pag-amyenda

TEXT NG PROPOSAL BILANG ISA, ISANG PAG-AMYENDA

SABAY NA RESOLUSYON NG ESTADO AT ASEMBLEYA

(Panukalang Batas ng Asembleya 7454 / Panukalang Batas ng Senado 5227)

pagmumungkahi ng pag-amyenda sa seksyon 1 ng artikulo 14 ng konstitusyon, kaugnay ng Mount Van Hoevenberg Olympic Sports Complex sa County ng Essex

Seksyon 1. Nalutas (kung sasang-ayon ang Senado), Na ang seksyon 1 ng artikulo 14 ng konstitusyon ay maamyenda upang mabasa gaya ng sumusunod:

Seksyon 1. Ang lupa ng estado, pagmamay-ari na ngayon o nakuha mula sa puntong ito, na sakop ang forest preserve alinsunod sa pag-aayos ng batas ngayon, ay habambuhay na pananatilihin bilang mga wild forest land. Hindi dapat paupahan, ibenta o ipagpapalit ang mga ito, o hindi dapat makuha ng anumang korporasyon, pampubliko o pribado, at dagdag pa rito, hindi rin dapat ibenta, alisin o sirain ang kakahuyan. Walang nakapaloob dito ang pipigil sa estado sa pagpapatayo, pagkukumpleto at pagpapanatili ng anumang highway na hanggang sa punto ng panahong ito ay pinahihintulutan ng konstitusyunal na pag-amyenda, o pipigil sa pagpapatayo at pagpapanatili nang ayon sa pederal na tulong sa ilalim ng mga pederal na pamantayan, ng interstate na highway na may rutang limang daan at dalawa mula isang punto sa bahaging malapit sa lungsod ng Glens Falls, at mula sa puntong iyon patungong hilaga sa bahaging malapit sa mga village ng Lake George at Warrensburg, sa mga pamayanan sa South Horicon at Pottersville at mula sa puntong iyon patungo sa hilaga sa karaniwang tuwid na linya sa kanlurang panig ng Schroon Lake papunta sa bahaging malapit sa pamayanan ng Schroon, at pagkatapos ay tuloy-tuloy na patungong hilaga papunta sa bahaging malapit sa Schroon Falls, Schroon River at North Hudson, at sa silangan ng Makomis Mountain, silangan ng pamayanan ng New Russia, silangan ng village ng Elizabethtown at tuloy-tuloy patungong hilaga papunta sa bahaging malapit sa pamayanan ng Towers Forge, at silangan ng Poke-O-Moonshine Mountain at tuloy-tuloy patungong hilaga sa bahaging malapit sa village ng Keeseville at lungsod ng Plattsburgh, ang lahat ng nabanggit ay hindi lumalampas sa kabuuang tatlong daang acre na sakop sa forest preserve land ng estado, o sa pagpapatayo at pagpapanatili ng mahigit sa dalawampu't limang milya ng ski trail, na tatlumpu hanggang dalawang daang talampakan ang lapad, kabilang ang mga karagdagang nauugnay rito, sa kondisyong hindi lalampas sa limang milya ng mga nasabing trail ang mayroong lapad na mas malawak sa isang daan at dalawampung talampakan, sa hilaga, silangan at hilagang kanluran na slope ng Whiteface Mountain sa county

ng Essex, o sa pagpapatayo at pagpapanatili ng hindi lalampas sa dalawampu't limang milya ng mga ski trail na tatlumpu hanggang dalawang daang talampakan ang lapad, kabilang ang mga karagdagang nauugnay rito, sa kondisyong hindi lalampas sa dalawang milya ng mga nasabing trail ang mayroong lapad na mas malawak sa isang daan at dalawampung talampakan, sa mga slope ng Belleayre Mountain na nasa mga county ng Ulster at Delaware at hindi lalampas sa apatnapung milya ng mga ski trail ang mayroong lapad na tatlumpu hanggang dalawang daang talampakan, kabilang ang mga karagdagang nauugnay rito, sa kondisyong hindi lalampas sa walong milya ng mga nasabing trail ang mayroong lapad na mas malawak sa isang daan at dalawampung talampakan, sa mga slope ng mga bundok ng Gore at Pete Gay na nasa county ng Warren, o sa paglilipat ng lokasyon, muling pagpapatayo at pagpapanatili ng kabuuan ng hindi lalampas sa limampung milya ng mga kasalukuyang highway ng estado para sa layunin ng pag-aalis ng mga mapanganib na curve at marka, sa kondisyong hindi lalampas sa kabuuang apat na daang acre ng forest preserve land ang gagamitin para sa naturang layunin at walang kahit isang ililipat na bahagi ng anumang highway ang mas mahaba sa isang milya. Sa kabila ng mga naunang probisyon, maaaring ibigay ng estado sa village ng Saranac Lake ang sampung acre ng forest preserve land na katabi ng mga hangganan ng nabanggit na village para sa pampublikong gamit sa pagbibigay para sa pagtatapon ng refuse at bilang kapalit, dapat magbigay ang village ng Saranac Lake sa estado ng tatlumpung acre ng mga partikular na tunay na forest land na pagmamay-ari ng nasabing village na nasa Roaring Brook na nasa hilagang kalahati ng Lot 113, Township 11, Richards Survey. Sa kabila ng mga naunang probisyon, maaaring ibigay ng estado sa bayan ng Arietta ang dalawampung walong acre ng forest preserve land sa loob ng nasabing bayan para sa pampublikong gamit sa pagbibigay para sa pagpapalawak ng runway at landing strip ng paliparan ng Piseco at bilang kapalit, dapat magbigay ang bayan ng Arietta sa estado ng tatlumpung acre ng partikular na lupang pagmamay-ari ng nasabing bayan na nasa bayan ng Arietta. Sa kabila ng mga naunang probisyon at depende sa pag-apruba ng lehislatura sa mga tract na ipagpapalit bago ang aktwal na paglilipat ng titulo, ang estado, upang pagsama-samahin ang mga hawak nito sa lupa para sa mas mahusay na pamamahala, ay maaaring magbigay sa International Paper Company ng humigit-kumulang walong libo at limang daang acre ng forest preserve land na makikita sa mga township dalawa at tatlo ng Totten and Crossfield Purchase at township siyam ng Moose River Tract, county ng Hamilton, at bilang kapalit nito, dapat magbigay ang International Paper Company sa estado para sa paglalagay sa forest preserve ng humigit-kumulang parehong bilang ng mga acre ng lupang makikita sa loob ng nasabing mga

township at nasabing County sa kondisyong tutukuyin ng lehislatura na ang mga lupang tatanggapin ng estado ay katumbas man lang ng halaga ng mga lupang ibibigay ng estado. Sa kabila ng mga naunang probisyon at depende sa pag-apruba ng lehislatura sa mga tract na ipagpapalit bago ang aktwal na paglilipat ng titulo at mga kondisyong itinakda rito, upang mapangasiwaan ang pagpreserba ng mga makasaysayang gusaling nakalista sa pambansang rehistro ng mga makasaysayang lugar sa pamamagitan ng pag-iisang muli ng makasaysayang pagpapangkat ng mga gusali sa ilalim ng iisang pagmamay-ari at pangangasiwa, maaaring ibigay ng estado sa Sagamore Institute Inc., na isang di-nagtutubong pang-edukasyong organisasyon, ang humigit-kumulang na sampung acre ng lupa at mga gusali na katabi ng tunay na ari-arian ng Sagamore Institute, Inc. at matatagpuan sa Sagamore Road, sa bahaging malapit sa Raquette Lake Village, sa Bayan ng Long Lake, county ng Hamilton, at bilang kapalit nito; magbibigay ang Sagamore Institute, Inc. sa estado ng isasama sa forest preserve na humigit-kumulang dalawang daang acre ng wild forest land na matatagpuan sa loob ng Adirondack Park sa kondisyong tutukuyin ng lehislatura kung ang mga lupang matatanggap ng estado ay katumbas man lang ng halaga ng mga lupa at gusaling ibibigay ng estado at poprotektahan ng mga naaangkop na kasunduan at paghihigpit ang natural at makasaysayang katangian ng mga lupa at gusali na ibibigay ng estado at ang mga lupa at gusali na ibibigay ng estado ay makatwirang mabibisita ng publiko alinsunod sa kasunduan sa pagitan ng Sagamore Institute, Inc. at ng estado. Sa kabila ng mga naunang probisyon, maaaring ibigay ng estado sa bayan ng Arietta ang limampung acre ng forest preserve land sa loob ng nasabing bayan para sa pampublikong gamit para sa pagpapalawak ng runway at landing strip ng paliparan ng Piseco at para sa pagpapanatili ng clear zone sa paligid ng nasabing runway, at bilang kapalit nito, dapat magbigay ang bayan ng Arietta sa estado ng limampu't tatlong acre ng likas na lupa ng kagubatan na nasa lot 2 township 2 ng Totten and Crossfield's Purchase sa bayan ng Lake Pleasant. Sa kabila ng mga naunang probisyon at depende sa pag-apruba ng lehislatura bago ang aktwal na paglilipat ng titulo, maaaring ibigay ng estado sa bayan ng Keene, county ng Essex, para sa pampublikong paggamit bilang isang libingang pagmamay-ari ng naturang bayan, ang humigit-kumulang labindalawang acre ng forest preserve land sa loob ng naturang bayan at, bilang kapalit nito, dapat magbigay ang bayan ng Keene ng isasama sa forest preserve na humigit-kumulang isang daan at apat na pu't apat na acre ng lupa, kasama ang isang akses sa lupang pagmamay-ari ng naturang bayan kabilang ang riverbed na katabi ng lupang ibibigay sa estado na higit na paghihigpitan ang pagpapaunlad ng nasabing lupa, sa kondisyong tutukuyin ng lehislatura na ang ari-ariang tatanggapin ng estado ay

katumbas man lang ng halaga ng lupang ibibigay ng estado. Sa kabila ng mga naunang probisyon at depende sa pag-apruba ng lehislatura bago ang aktwal na paglilipat ng titulo, dahil walang magagawang alternatibo sa paggamit ng mga forest preserve land para sa pagtutukoy ng mga balon ng naiinom na tubig at karagdagang nauugnay rito at dahil ang mga nasabing balon ay mahalaga upang matugunan ang mga pamantayan sa kalidad ng naiinom na tubig, maaaring ibigay ng estado sa bayan ng Long Lake, county ng Hamilton, ang isang acre ng forest preserve land sa loob ng nasabing bayan para sa pampublikong paggamit bilang lugar ng nasabing mga balon ng naiinom na tubig at karagdagang nauugnay rito para sa supply ng tubig ng munisipal para sa pamayanan ng Raquette Lake. Bilang kapalit nito, dapat magbigay ang bayan ng Long Lake sa estado ng hindi bababa sa labindalawang acre ng lupa na makikita sa county ng Hamilton na isasama sa forest preserve na tutukuyin ng lehislatura na katumbas man lang ng halaga ng lupa na ibibigay ng estado. Dapat iabandona bilang mapagkukunan ng supply ng maiinom na tubig ang surface reservoir ng Raquette Lake. Sa kabila ng mga naunang probisyon at depende sa pag-apruba ng lehislatura bago ang aktwal na paglilipat ng titulo, maaaring ibigay ng estado sa National Grid ang hanggang anim na acre na ipinagsasama-sama ang Ruta ng Estado 56 na nasa County ng St. Lawrence kung saan dumaraan ito sa Forest Preserve sa Township 5, Mga Lote 1, 2, 5 at 6 na mahalaga at naaangkop para sa National Grid upang makabuo ng bagong 46kV na linya ng kuryente at bilang kapalit nito, dapat magbigay ang National Grid sa estado ng isasama sa forest preserve ng hindi bababa sa 10 acre ng lupa ng kagubatan na pagmamay-ari ng National Grid na nasa county ng St. Lawrence, sa kondisyon na tutukuyin ng lehislatura na ang ari-ariang tatanggapin ng estado ay katumbas man lang ng halaga ng lupang ibinigay ng estado. Sa kabila ng mga naunang probisyon, maaaring pahintulutan ng lehislatura ang kasunduan, alinsunod sa mga tuntuning tinukoy ng lehislatura, ng mga problema sa titulo sa township apat na pu, Totten and Crossfield purchase sa bayan ng Long Lake, county ng Hamilton, upang malutas ang matagal-tagal at hindi nagkakasundong claim sa titulo sa pagitan ng estado at ng mga pribadong partido sa nasabing township, sa kondisyon na bago ang, at bilang kondisyon ng nasabing kasunduan, ang lupang binili nang hindi gumagamit ng mga pondong naaangkop sa estado, at naaangkop na isama sa forest preserve sa loob ng Adirondack park, ay dapat ibigay sa estado sa kondisyong tutukuyin ng lehislatura na ang ari-ariang ibibigay sa estado ay dapat maghatid ng net na benepisyo sa forest preserve kumpara sa mga lupa ng township apat na pu na napapailalim sa ganitong kasunduan. Sa kabila ng mga naunang probisyon, maaaring pahintulutan ng estado ang NYCO Minerals, Inc. na lumahok sa mga operasyon para sa pag-sample ng

mineral, sa sarili nitong gastos, upang matukoy ang dami at kalidad ng wollastonite sa humigit-kumulang 200 acre ng lupa ng forest preserve na nasa lote 8, Stowers survey, bayan ng Lewis, county ng Essex sa kondisyong ang NYCO Minerals, Inc. ay magbibigay ng data at impormasyong mula sa nasabing drilling sa estado para sa mga layunin ng pagtatasa. Depende sa pag-apruba ng lehislatura sa mga tract na ipagpapalit bago ang aktwal na paglilipat ng titulo, pagkatapos ay maaaring ibigay ng estado ang nasabing lote 8 sa NYCO Minerals, Inc., at, bilang kapalit nito, dapat magbigay ang NYCO Minerals, Inc. sa estado ng isasama sa forest preserve na hindi bababa sa parehong halaga ng mga acre ng lupa, sa kondisyon na tutukuyin ng lehislatura na ang mga lupang tatanggapin ng estado ay katumbas man lang o mas mataas kumpara sa halaga ng lupang ibibigay ng estado at sa kondisyon na ang nasuring halaga ng lupa na ibibigay sa estado ay hindi dapat mas mababa sa isang milyong dolyar. Kapag inihinto ng NYCO Minerals, Inc. ang lahat ng operasyon sa pagmimina sa nasabing lote 8, dapat nitong ayusin ang site at ibigay ang titulo ng lote pabalik sa estado ng New York upang isama sa forest preserve. Sa pagkakataong hindi maibigay ang lote 8 sa NYCO Minerals, Inc. alinsunod sa talatang ito, gayunpaman, ibibigay ng NYCO Minerals, Inc. sa estado upang isama sa forest preserve ang hindi bababa sa parehong bilang ng acre ng lupa na ginulo ng anumang operasyon sa pag-sample ng mineral na isinagawa sa nasabing lote alinsunod sa talatang ito sa kondisyon na tutukuyin ng lehislatura na ang mga lupang tatanggapin ng estado ay katumbas o mas mataas sa halaga ng mga lupang ginulo ng mga operasyon sa pag-sample ng mineral. Sa kabila ng mga naunang probisyon at depende sa pag-apruba ng lehislatura bago ang aktwal na paglilipat ng titulo, dapat gamitin ang kabuuan ng hindi hihigit sa dalawang daan at limampung acre ng lupa ng forest preserve para sa pagbubuo ng talaan sa kalusugan at kaligtasan ng lupa. Kapag walang magagamit na alternatibo at ang iba pang pamantayang binuo ng lehislatura ay natugunan, maaaring magpasa ang bayan, village o county ng aplikasyon, alinsunod sa isang prosesong tutukuyin ng lehislatura, sa talaan sa kalusugan at kaligtasan ng lupa para sa mga proyektong limitado sa: pagtugon sa mga problema o kaligtasan sa tulay sa mga high way ng county, at highway ng bayan na nakalista sa lokal na imbentaryo ng highway na pinapanatili ng kagawaran ng transportasyon, na nakatalaga, at mayroon na noong unang araw ng Enero, dalawang libo't labinlima, at taon-taong inaararo at regular na pinapanatili; pag-aalis ng mga mapanganib na curve at marka sa mga highway ng county, at highway ng bayan na nakalista sa lokal na imbentaryo ng highway na pinapanatili ng kagawaran ng transportasyon, na nakatalaga, at mayroon na noong unang araw ng Enero, dalawang libo't labinlima, at taon-taong inaararo at regular na

pinapanatili; paglilipat at muling pagpapatayo at pagpapanatili ng mga highway ng county, at highway ng bayan na nakalista sa lokal na imbentaryo ng highway na pinapanatili ng kagawaran ng transportasyon, na nakatalaga, at mayroon na noong unang araw ng Enero, dalawang libo't labinlima, at taon-taong inaararo at regular na pinapanatili, sa kondisyong wala ni isang inilipat na bahagi ng anumang nasabing highway ang lalampas ng isang milyang haba; at mga balon ng tubig at mga karagdagang nauugnay rito kapag kailangan ang mga nasabing balon upang matugunan ang mga pamantayan sa magandang kalidad ng naiinom na tubig at makikita sa loob ng limang daan at tatlumpung talampakan ng mga highway ng estado, highway ng county, at highway ng bayan na nakalista sa lokal na imbentaryo ng highway na pinapanatili ng kagawaran ng transportasyon, na nakatalaga, at mayroon na noong unang araw ng Enero, dalawang libo't labinlima, at taon-taong inaararo at regular na pinapanatili. Bilang kondisyon sa pagbuo ng nasabing talaan sa kalusugan at kaligtasan ng lupa, dapat makakuha ang estado ng dalawang daan at limampung acre ng lupa upang isama sa forest preserve, sa kondisyon na papahintulutan ng lehislatura ang mga nasabing lupa na idagdag sa forest preserve. **Sa kabila ng mga naunang probisyon, ang pagpapatayo, operasyon, at pagpapanatili sa mga internasyunal na pamantayan para sa mga Nordic skiing at biathlon trail na bibigyang-daan ang mga pandaiqidigang paliqsahan, pagsasanay, at kaganapan, na may kabuuang hindi hihigit sa tatlong daan at dalawampu't tatlong acre ng mga trail at karagdagang nauugnay rito, ay pinapahintulutan sa isang libong tatlumpu't siyam na acre ng mga forest preserve land sa Mount Van Hoevenberg Olympic Sports Complex sa bayan ng North Elba sa county ng Essex, at bilang kapalit nito, dapat makakuha ang estado ng isasama sa forest preserve ng hindi bababa sa dalawang libo't limang daang acre ng lupa ng kagubatan upang isama sa forest preserve na nasa Adirondack Park sa kondisyon na tutukuyin ng lehislatura na ang mga nasabing lupa ay katumbas o mas mataas ang halaga.**

§ 2. Nalutas (kung sasang-ayon ang Senado), Na ang kakabanggit lang na pag-amyenda ay isusumite sa mga tao upang mapahintulutan ang pangkalahatang halalan na isasagawa sa taong 2025 alinsunod sa mga probisyon ng batas ng halalan.

Paliwanag – Ang usaping naka-underscore ay bago; at lumang batas naman na tatanggalin ang usaping nasa mga bracket [].

ABSTRACT NG PROPOSAL BILANG ISA, ISANG PAG-AMYENDA

Pag-amyenda upang Payagan ang Olympic Sports Complex Na Nasa County ng Essex sa Forest Preserve Land ng Estado

Inaamyenda ng proposal ang Konstitusyon ng Estado. Pinapahintulutan nito ang mga bagong Nordic ski at biathlon trail sa forest preserve. Nangangailangan ng Konstitusyunal na pahintulot ang pagpapatayo roon. Ito ay dahil nasa forest preserve ng Adirondack ang pasilidad. Bahagi ito ng Olympic Sports Complex sa North Elba. Ang North Elba ay nasa County ng Essex, New York. Sakop ng proyekto ang 323 acre. Sakop ng pasilidad ang 1,039 na acre. Isang kapalit ang paggamit na ito. 2,500 bagong acre ang idinagdag sa forest preserve. Dapat aprubahan ng Lehislatura ng New York ang kapalit. Kung hindi, ang proyekto ay hindi magagawa.

FORM NG PAGSUSUMITE NG PROPOSAL BILANG ISA, ISANG PAG-AMYENDA

Pag-amyenda upang Payagan ang Olympic Sports Complex Na Nasa County ng Essex sa Forest Preserve Land ng Estado

Pinapayagan ang skiing at mga kaugnay na pasilidad ng trail sa forest preserve land ng estado. Ang site ay 1,039 na acre. Iniaatas sa Estado na magdagdag ng 2,500 na acre na bagong lupa ng kagubatan na nasa Adirondack Park.

Pinapahintulutan ng isang oo na boto ang mga bagong ski trail at mga kaugnay na pasilidad sa forest preserve ng Adirondack.

Hindi pinapahintulutan ng isang hindi na boto ang paggamit na ito.

Pinapatunayan namin na ang naunang text ng Proposal Isa ng Balota, isang Pag-amyenda, ay isang tamang kopya ng orihinal alinsunod sa pinapatunayang naka-file sa Kagawaran ng Estado.

Ibinigay nang nakapailalim sa amin at sa selyo ng tanggapan ng Lupon ng Mga Halalan ng New York, ngayong ika-6 na araw ng Agosto sa taong dalawang libo't dalawampu't lima.

/s/ Kristen Zebrowski-Stavisky

Kristen Zebrowski Stavisky
Kasamang Direktor na Tagapagpaganap
Lupon ng Mga Halalan ng Estado ng
New York

/s/ Raymond J. Riley III

Raymond J. Riley, III
Kasamang Direktor na Tagapagpaganap
Lupon ng Mga Halalan ng Estado ng
New York